


 Pr Kyleena®  
LEVONORGESTREL-RELEASING INTRAUTERINE SYSTEM (19,5 MG)




# KILALANIN ANG KYLEENA®

ISANG GABAY SA IYONG  
**INTRAUTERINE  
CONTRACEPTIVE**



## Ano ang nasa loob ng kahon?



Ang kahon ay naglalaman ng higit pa sa KYLEENA® – kasama rin dito ang Evolnserter® (na ginagamit para ilagay ang KYLEENA®).

# Pagsisimula sa KYLEENA®

---

Ang KYLEENA® ay isang intrauterine system (IUS) na ginagamit para maiwasan ang pagbubuntis nang hanggang 5 taon.

Upang makahanap ng placement clinic kung saan maaaring ipalagay ang KYLEENA® sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, bisitahin ang [kyleenaandmirena.ca](https://kyleenaandmirena.ca).





## Isang malapitang pagtingin sa KYLEENA®

- Maliit, puti, at hugis-T ang hubog
- Gawa sa malambot at nababaluktot na plastik
- Ang vertical arm ay napapaligiran ng makipot at hugis cylinder na sisidlan ng gamot na naglalaman ng hormone na tinatawag na levonorgestrel
- May dalawang manipis at asul na plastik na sinulid na nakakabit sa dulo ng vertical arm
- Ang vertical stem ay naglalaman ng silver na anilyo na matatagpuan malapit sa horizontal arm, na makikita sa ilalim ng ultrasound



# Gaano kabisa ang KYLEENA®?

Napag-alaman sa mga klinikal na pagsusuri na may mas mababa sa 1 pagbubuntis kada taon sa bawat 100 kababaihan na gumagamit ng KYLEENA®.

## Mga tipikal na bilang ng pagbubuntis para sa iba't ibang paraan ng birth control at kapag walang ginagamit na birth control


Produkto	Mga iniulat na pagbubuntis kada 100 kababaihan sa loob ng unang taon ng paggamit
Hormonal intrauterine system (IUS)	Mas mababa sa 1
Copper intrauterine device (IUD)	Mas mababa sa 1
Subdermal implant	Mas mababa sa 1
Itinuturok na progesterone	6
Pinagsamang hormonal contraceptive (pills, patch o ring)	9
Diaphragm	12
Condom para sa lalaki	18
Condom para sa babae	21
Sponge, spermicide	12–28
Withdrawal	22
Natural na pagpapalano ng pamilya	24
Walang birth control	85



## Ang KYLEENA® ay inilalagay sa loob ng matris

KYLEENA®:

- Inilalagay sa loob ng matris ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan
- Gumagana sa pamamagitan ng mabagal na paglabas ng kaunting dami ng levonorgestrel direkta sa matris araw-araw
- Hindi naglalaman ng anumang estrogen




Habang ginagamit ang KYLEENA®, ang panganib ng pagbubuntis ay mababa. Gayunpaman, kung ikaw ay mabuntis habang ginagamit ang KYLEENA®, mas posible na maging ectopic ang pagbubuntis. Nangangahulugan ito na ang pagbubuntis ay wala sa loob ng matris. Ang ectopic na pagbubuntis ay isang seryosong kondisyon. Ipaalam kaagad sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay may pananakit sa ibabang bahagi ng tiyan, lalo na kung hindi ka niregla at/o may hindi inaasahang pagdurugo. Ang mga ito ay pwedeng palatandaan ng isang ectopic na pagbubuntis.

## Paano makakatulong ang KYLEENA® na maiwasan ang pagbubuntis?

Maaaring gumana ang KYLEENA® upang maiwasan ang pagbubuntis sa maraming paraan:

1. Binabawasan ang buwanang pagkapal ng lining ng matris
2. Pinapalapot ang mucus sa cervix, na mas nagpapahirap sa semilya na dumaan sa cervix
3. Hinahadlangan ang galaw at function ng semilya

Nagtutulungan ang mga aksyong ito para maiwasan ang pagtatagpo ng semilya at itlog bilang paraan para maiwasan ang pagbubuntis.



## Ano ang aasahan sa panahon ng paglalagay

Ang KYLEENA® ay ipinapasok sa matris ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pamamaraan ay tumatagal lamang nang ilang minuto.

- Bago ilagay ang KYLEENA®, magsasagawa ang iyong doktor ng pagsusuri sa pelvis para matukoy ang posisyon at laki ng iyong matris; maaari din silang magsagawa ng Pap smear at pagsusuri sa suso, pati na rin ng iba pang mga pagsusuri (hal., para sa mga impeksyon kabilang ang STI), kung kinakailangan
- Isang manipis na nababaluktot na plastik na tubo na naglalaman ng KYLEENA® ang ipapasok sa iyong matris – maaari kang makaramdam ng bahagyang pagiging hindi komportable
- Kapag nasa tamang posisyon na, aalisin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang tubo at iiwan ang KYLEENA® sa loob ng iyong matris
- Panghuli, ang mga sinulid na pang-alis ay puputulin sa angkop na haba

Karamihan sa mga kababaihan ay nakakaranas ng walang pananakit o banayad lamang na pananakit habang inilalagay ang KYLEENA®. Ang ilang kababaihan ay maaaring makaranas ng pagiging hindi komportable. Baka gusto mong talakayin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ng pampawala ng sakit o lokal na anesthesia.

Maaaring makaramdam ng pagkahilo ang ilang kababaihan matapos ilagay ang KYLEENA®. Mawawala ang nararamdamang ito matapos ang maikling pahinga. Ang paglalagay ay maaaring magdulot ng pag-atake sa mga pasyenteng may epilepsy. Maaari ka ring makaranas ng kaunting pagdurugo habang o pagkatapos mailagay. Matapos ang paglalagay, maaari kang makaramdam ng parang dysmenorrhea na pananakit; gayunpaman, karaniwan itong humihinto sa loob ng ilang araw.

Bihirang mangyari, ngunit ang KYLEENA® ay maaaring tumagos sa dingding ng matris habang inilalagay at manatili sa labas ng matris. Kung mangyari ito, ang KYLEENA® ay dapat tanggalin.

Ang KYLEENA® ay pwedeng baligtarin anumang oras kung sakaling magbago ang iyong mga plano. Kapag inalis na ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang KYLEENA®, maaari mong subukang mabuntis kaagad. Habang inilalagay, ang KYLEENA® ay maaaring kumapit sa o tumagos (makabutas) sa dingding ng matris, ngunit bihira itong mangyari. Kung mangyari ito, ang KYLEENA® ay dapat tanggalin. Ang panganib ng pagkabutas ay tumataas sa mga kababaihang nagpapasuso at kung ang KYLEENA® ay inilagay nang hanggang 36 na linggo matapos manganak, at maaaring tumaas sa mga kababaihan na may naiibang hugis ng matris o matris na hindi gaanong nakakakilos nang maayos o nakaliyad.



## Kailan dapat ilagay ang KYLEENA®?

Ang KYLEENA® ay dapat ilagay sa loob ng 7 araw mula sa simula ng iyong regla. Sa kasong ito, hindi kinakailangan ang backup na birth control. Kung sigurado ka na hindi ka buntis, maaari ding ilagay ang KYLEENA® anumang oras sa panahon ng iyong cycle.

Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nakipagtalik ka nang walang proteksyon mula noong huli mong regla. Kung ang KYLEENA® ay inilagay nang mahigit sa 7 araw mula nang magsimula ang iyong regla, gumamit ng condom o diaphragm, o huwag makipagtalik sa susunod na 7 araw. Hindi magagamit ang KYLEENA® bilang emergency birth control.

### **Kung pinapalitan ang KYLEENA® o inilagay pagkatapos ng pagbubuntis:**

- Kapag pinapalitan ng bago ang kasalukuyang sistema, hindi kailangang hintayin ang iyong regla
- Pagkatapos ng panganganak, maghintay hanggang ang matris ay bumalik sa normal nitong laki, hindi bababa sa 6 na linggo pagkatapos ng panganganak
- Pagkatapos ng aborsyon sa unang trimester, maaaring ilagay kaagad ang KYLEENA®. Gayunpaman, kung ang aborsyon ay naganap sa ikalawang trimester, ang paglalagay ay dapat na maantala nang 6 na linggo o hanggang ang matris ay bumalik sa normal na laki

Ang KYLEENA® ay agad na nagsisimulang gumana kung ito ay mailalagay sa loob ng 7 araw mula sa simula ng iyong regla. Pinakamainam na maghintay ng 24-48 oras bago makipagtalik sakaling makaramdam ng pagiging hindi komportable. Kung inilagay nang mahigit sa 7 araw matapos magsimula ang iyong regla, gumamit ng condom o diaphragm, o huwag makipagtalik, sa susunod na 7 araw.


## Paano maaapektuhan ng KYLEENA® ang iyong regla

Para sa unang 3 hanggang 6 na buwan, maaaring maging hindi regular ang iyong regla at ang bilang ng mga araw ng pagdurugo ay maaaring tumaas. Maaaring magkaroon ka rin ng madalas na spotting o mahinang pagdurugo ng ari. Ang ilang kababaihan ay may matindi o matagal na pagdurugo sa panahong ito. Makipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung magpapatuloy ito.



Sa pangkalahatan, malamang na magkaroon ka ng unti-unting pagbawas sa dami at bilang ng mga araw ng pagdurugo bawat buwan. Para sa ilang kababaihan, kalaunan ay ganap na humihinto ang kanilang regla. Ito ay dahil sa epekto ng hormone sa lining ng matris. Ang normal na buwanang pagkapal ng lining ng matris na may dugo ay hindi nangyayari; samakatuwid, may kaunti o walang pagdurugo, gaya ng nangyayari sa isang karaniwang regla. Hindi ito nangangahulugan na naabot mo na ang menopause o ikaw ay buntis.

Gayunpaman, kung ikaw ay nagkakaroon ng regular na regla sa KYLEENA® at pagkatapos ay hindi ka nagkaroon sa loob ng 6 na linggo o higit pa, posibleng ikaw ay buntis. Dapat kang makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Kapag tinanggal ang KYLEENA®, ang regla ay mabilis na babalik sa normal.



Ang paggamit ng sanitary pad ay inirerekomenda habang gumagamit ng KYLEENA®. Maaari ka pa ring gumamit ng mga tampon o menstrual cup, gayunpaman, mag-ingat na hindi mahila ang mga sinulid ng KYLEENA® kapag pinapalitan ang mga ito.

## Pagsusuri kung nasa lugar ang KYLEENA®

Dapat mong ipatingin ang iyong KYLEENA® sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan mga 4–12 linggo matapos ang paglalagay, muli sa 12 buwan at pagkatapos ay minsan sa isang taon hanggang matanggal ito.

Pagkatapos ng bawat buwanang dalaw o mga isang beses sa isang buwan, dapat mo itong suriin sa pamamagitan ng pakiramdam kung ang dalawang sinulid ay nasa puwesto pa rin. Ipapakita sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung paano gawin ito. Huwag hilahin ang mga sinulid dahil maaari mong mahila palabas ang KYLEENA® nang hindi sinasadya.

- Kung hindi mo nararamdaman ang mga sinulid, maaaring pahiwatig ito na ang KYLEENA® ay nahulog palabas (lumabas) o tumagos sa matris (nagbutas). Magpatingin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at, pansamantalang gumamit ng isa pang paraan ng birth control na nonhormonal (gaya ng mga condom). Dapat ka ring magpatingin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nararamdaman mo ang mismong ibabang dulo ng KYLEENA®

Ang KYLEENA® ay maaaring manatiling nasa puwesto hanggang 5 taon bago ito dapat tanggalin. Dapat makatanggap ka ng Card ng Paalala sa Pasyente mula sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan matapos ang paglalagay ng KYLEENA®. Itago ang card na ito hanggang sa matanggal ang KYLEENA® at dalhin mo ito sa bawat medikal na appointment.

May pagtaas ng panganib ng seryosong impeksyon sa pelvis na tinatawag na pelvic inflammatory disease (PID) sa unang 3 linggo matapos mailagay ang intrauterine system o device. Kabilang sa iba pang mga kilalang salik sa panganib ang pagkakaroon ng maraming katalik, madalas na pakikipagtalik, mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik (STI) at murang edad.

Ang PID ay maaaring magdulot ng mga seryosong problema gaya ng kahirapan na mabuntis, pagbubuntis sa labas ng matris (ectopic pregnancy), o pananakit ng pelvis na hindi nawawala. Ang PID ay karaniwang ginagamot gamit ang antibiotics; gayunpaman, maaaring mangailangan ng operasyon ang mga mas seryosong kaso ng PID.

Ipaalam kaagad sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang anumang palatandaan ng PID, kabilang ang matagalan o matinding pagdurugo, hindi pangkaraniwang vaginal discharge, pananakit sa ibabang bahagi ng iyong tiyan, masakit na pakikipagtalik, pangingingin o lagnat.



## Pagtanggal at pagpapalit ng KYLEENA®

Hindi dapat maiwang nasa puwesto ang KYLEENA® nang mahigit sa 5 taon. Madaling matanggal ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang KYLEENA® kung gusto mong mabuntis.

Maaari kang mabuntis kapag tinanggal ang KYLEENA® kung nakipagtalik ka sa nakaraang linggo. Maaari kang mabuntis sa sandaling matanggal ang KYLEENA®, kaya dapat kang gumamit ng ibang paraan ng birth control kung ayaw mong mabuntis. Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga pinakamainam na paraan ng birth control para sa iyo, dahil ang iyong bagong paraan ay maaaring kailangang simulan 7 araw bago tanggalin ang KYLEENA® para maiwasan ang pagbubuntis. Ipaalam sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung nakipagtalik ka sa nakaraang linggo.

Ang KYLEENA® ay maaaring masira, kadalasan sa panahon na mahirap ang pagtanggal. Ang mga sirang piraso ay dapat makita at matanggal. Maaaring mangailangan ng operasyon para gawin ito.



Kung nais mong ituloy ang paggamit ng KYLEENA® matapos ang 5 taon, ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay pwedeng maglagay kaagad ng bagong sistema matapos tanggalin ang lumang sistema.

Kung ang parehong sistema ng KYLEENA® ay naiwang nakalagay nang higit sa 5 taon, maaari kang mabuntis. Hindi dapat posible na mabuntis ka bago ilagay ang isang bagong sistema.



## Ano ang mga side effect ng KYLEENA®?

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga posibleng side effect. Ang mga ito ay hindi lahat ng posibleng side effect na maaari mong maramdaman kapag gumagamit ng KYLEENA®. Kung makaranas ka ng anumang mga side effect na hindi nakalista rito, makipag-ugnayan sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

- Tigyawat/balat na malangis
- Pagduduwal
- Pagkalagas ng buhok
- Impeksyon ng mga obaryo, fallopian tube o matris
- Dysmenorrhea
- Pananakit ng suso/hindi komportable
- Discharge mula sa ari
- Labis na buhok sa mukha, dibdib, tiyan o binti
- Pagkasira ng IUS
- Pagtaas ng presyon ng dugo

Ang mga side effect sa KYLEENA® ay mas karaniwan sa mga unang buwan ng paggamit; unti-unting nababawasan ang mga ito habang tumatagal. Ang mga pagkakaiba ng iyong pagdurugo nang dahil sa regla ay ang pinakakaraniwang mga side effect ng KYLEENA® sa mga unang buwan matapos mailagay ang sistema, ngunit ang mga epektong ito ay dapat mabawasan habang tumatagal.

Ang ilang kababaihan na gumagamit ng KYLEENA® matapos manganak ay nag-ulat ng mas kaunting produksyon ng gatas.

Sumangguni sa leaflet ng **Impormasyon sa Gamot ng Pasyente ng KYLEENA®** para sa mga detalye sa mga seryosong babala at pag-iingat – at kung ano ang gagawin tungkol rito.

# Iba pang mga bagay na dapat malaman tungkol sa KYLEENA®

## Mararamdaman ba ang KYLEENA® habang nagtatalik?

Habang nagtatalik, hindi mo dapat maramdaman o ng iyong partner ang KYLEENA®.

Matapos mailagay ang KYLEENA® inirerekomenda na maghintay ng 24-48 oras bago makipagtalik. Kung nararamdaman mo ang KYLEENA®, o kung nakakaramdam ka ng anumang panakit, iwasan ang pakikipagtalik hanggang sa matignan ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ang KYLEENA® ay nasa tamang posisyon pa rin. Ang mga sinulid na pang-alis ay maaaring maramdaman ng iyong partner habang nagtatalik.

## Maaari bang mahulog ang KYLEENA®?

Bagama't hindi kadalasan, ang KYLEENA® ay maaaring kusang mahulog palabas. Ang KYLEENA® ay maaaring itulak palabas nang buo o bahagya sa panahon ng iyong regla. Ito ay tinatawag na pagpapalabas. Mas malamang na mangyari ito kung sobra ang iyong timbang o may kasaysayan ng malakas na regla. Kung wala sa tamang posisyon ang KYLEENA®, maaari itong hindi gumana gaya ng inaasahan. Kung mangyari ito, ikaw ay hindi protektado laban sa pagbubuntis.

Ang ilang sintomas ng pagpapalabas ay panakit at abnormal na pagdurugo. Maaari ding lumabas ang KYLEENA® nang hindi mo namamalayan. Ang hindi pangkaraniwang pagdami ng pagdurugo habang ikaw ay may regla ay maaaring isang palatandaan na nangyari na ito.

ung sa tingin mo ay lumabas ang KYLEENA® (nang buo o bahagya), iwasang makipagtalik o gumamit ng isa pang paraan ng birth control na nonhormonal, gaya ng condom o diaphragm, hanggang makapagpatingin ka na sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari silang magsagawa ng ultrasound at x-ray para kumpirmahin kung nahulog ito palabas. Ang KYLEENA® ay dapat tanggalin kung ito ay bahagyang naitulak palabas. Ang KYLEENA® ay pwedeng palitan ng bago kapag hindi posible ang pagbubuntis. Magpapasya ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

## Talaarawan ng regla ng KYLEENA®

Gamitin ang talaarawan ng regla ng KYLEENA® para masubaybayan ang anumang spotting o pagdurugo na mangyayari sa susunod na ilang buwan.

Araw	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26	27	28	29	30	31	
Unhang buwan																																
Ika-2 buwan																																
Ika-3 buwan																																
Ika-4 na buwan																																
Ika-5 buwan																																
Ika-6 na buwan																																

### Mga tagubilin sa pasyente

Itala ang daloy ng iyong dugo tuwing may dalaw o anumang pagdurugo na nangyayari sa pagitan ng mga dalaw sa pamamagitan ng paglalagay ng marka sa angkop na parisukat (araw) ng kalendaryo, gamit ang sumusunod na gabay.

- Matinding pagdaloy – Punan ang kahon
- Spotting – Markahan ng tuldok
- X Normal na pagdaloy – Markahan ng X
- Walang Pagdurugo – Iwanang blanko

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa KYLEENA®, bisitahin ang [kyleena.ca](http://kyleena.ca) (para sa buong access, ilagay ang Drug Identification Number [DIN] na 02459523 kapag hiningi).

I-scan ang QR code para mag-download ng digital na kopya ng brochure na ito o para ma-access ito sa ibang mga wika



Maaaring ibalik ang ibinayad sa KYLEENA®. Makipag-ugnayan sa iyong insurance provider para sa karagdagang impormasyon.

#### Mga seryosong babala at pag-iingat

- Ang mga hormonal contraceptive kabilang ang KYLEENA® ay **HINDI NAGBIBIGAY NG PROTEKSYON** laban sa mga impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik (STI) kabilang ang HIV/AIDS. Para protektahan ang iyong sarili laban sa mga STI, pwede kang gumamit ng condom kasabay ng paggamit ng KYLEENA®.
- Ang paninigarilyo ay nagpapataas ng panganib sa mga seryosong side effect sa puso at mga daluyan ng dugo. Dapat kang makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga panganib ng paninigarilyo
- Ang KYLEENA® ay maaaring kumapit (naka-embed) o tumagos sa dingding ng matris. Ito ay tinatawag na pagkabutas. Kung makaranas ka ng matinding pananakit ng tiyan o pelvis na mayroon o walang pagdurugo ng ari, makipag-ugnayan kaagad sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan

Mangyaring sumangguni sa leaflet ng Impormasyon ng Pasyente ng KYLEENA® para sa buong mga indikasyon, kontraindikasyon, babala, pag-iingat, side effect at pamantayan sa pagpili ng pasyente.

© 2024, Bayer Inc.

® TM tingnan ang [www.bayer.ca/tm-mc](http://www.bayer.ca/tm-mc)

PP-KYL-CA-0319-1

KYL036T

